IKAW BA AY NASA PELIGRO?

I. Tasahin

Dapat kang magpasuri para sa tuberkulosis (TB) kung naaangkop ang alinman sa sumusunod.

Kung ikaw ay:

- ipinanganak, nakatira (nang mahigit sa isang buwan) o madalas na bumiyahe sa mga lugar kung saan karaniwan ang aktibong sakit na TB - kasama ang Africa, Asia, Mexico, Central o South America, sa Caribbean o Eastern Europe;
- nakasama ang isang taong may aktibong sakit na TB;
- may sintomas ng aktibong sakit na TB kasama ang ubo na nagtatagal nang tatlong linggo o higit pa, lagnat, kirot sa dibdib, pagbaba ng timbang, pagpapawis sa gabi, kapaguran, o bawas na ganang kumain;
- may HIV, nakatanggap ng organ transplant, o umiinom ng gamot na nagpapahina sa iyong immune system;
- gumagamit ng iniiniksiyong gamot;
- nagtatrabaho o nakatira sa mga lugar kung saan may malaking grupo ng mga tao, tulad ng masisilungan ng mga walang tirahan, correctional na pasilidad, o nursing home.



2. Pagsusuri

Kahit na sa pakiramdam mo ay wala kang sakit, maaaring mayroon ka pa ring mga germ ng TB sa katawan mo. Nangangahulugan ito na maaaring mayroon kang LTBI at maaaring nasa peligrong magkaroon ng aktibong sakit na TB.

May dalawang klase ng pagsusuri na maaaring gamitin para matukoy ang mga germ ng TB sa katawan: Mga pagsusuri sa dugo para sa TB at pagsusuri sa balat para sa TB.

3. Gamutin

Kung nagpositibo ka, mag-uutos ang tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan na magpakuha ka ng x-ray sa dibdib.

Kung may LTBI ka, inumin ang niresetang gamot para protektahan ang sarili mo mula sa pagkakaroon ng aktibong sakit na TB na maaaring makaapekto sa iyong pamilya, mga kaibigan, at komunidad.

Latent TB. Active Concern.
Tuberculosis Program

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website sa

www.vdh.virginia.gov/tuberculosis/

o kontakin kami sa 804-864-7906 o sa tuberculosis@vdh.virginia.gov